

# Lungsod ng Fairfield

# 2022

## Ulat sa Kumpiyansa ng Consumer





*Ikinagagalak ng Lungsod ng Fairfield na ibigay ang Ulat sa Kalidad ng Tubig para sa taong 2022. Naninindigan kami sa pagbibigay ng de-kalidad na inuming tubig na nakakatugon o nakakahigit pa sa mga Pang-estado at Pederal na pamantayang pangkalusugan. May kasamang mahahalagang impormasyon sa taunang ulat na ito at nagbibigay ito ng oportunidad sa pagkatuto para maunawaan kung saan nanggagaling ang inyong tubig, ano ang laman nito, at kung ano ang mga hakbang na isinasagawa namin para maprotektahan ang kalusugan ng publiko.*

*Para matiyak na ligtas na inumin ang tubig sa gripo, nagtatakda ang Ahensya sa Pagprotekta ng Kapaligiran ng US (US Environmental Protection Agency o USEPA) at ang Lupon sa Pagkontrol ng Mga Resource ng Tubig ng Estado – Sangay para sa Inuming Tubig (Estado) ng mga regulasyon na naglilimita sa dami ng ilang partikular na contaminant sa tubig na ibinibigay ng mga pampublikong water system. Nagtatakda rin ang mga regulasyon ng Lupon ng Estado para sa Tubig ng mga limitasyon para sa mga contaminant sa mga nakaboteng tubig na nagbibigay ng parehong proteksyon para sa kalusugan ng publiko.*

*Nakalista sa mga talahanayan sa dokumentong ito ang mga contaminant sa inuming tubig na na-detect mula Enero 1 - Disyembre 31, 2022 at ipinapakita rito kung paano maihahambing ang mga ito sa mga pamantayan ng Estado at ng USEPA. Pinapayagan kami ng Estado na suriin ang ilang contaminant nang wala pang isang beses kada taon dahil hindi madalas na magbago ang konsentrasyon ng mga contaminant na ito. Ang inuming tubig, kasama na ang nakaboteng tubig, ay maaaring makatuwirang asahang maglaman ng kahit man lang kaunting bilang ng ilang contaminant. Ang pagkakaroon ng mga contaminant ay hindi agarang nangangahulugan na maaaring magdulot ng panganib sa kalusugan ang tubig. Makakakuha ng higit pang impormasyon tungkol sa mga contaminant at potensyal na epekto ng mga ito sa kalusugan sa pamamagitan ng pagtawag sa hotline para sa Ligtas na Inuming Tubig (1.800.426.4791) ng USEPA.*

***May kasamang mahahalagang impormasyon sa taunang ulat na ito at nagbibigay ito ng oportunidad sa pagkatuto para maunawaan kung saan nanggagaling ang inyong tubig, ano ang laman nito, at kung ano ang mga hakbang na isinasagawa namin para maprotektahan ang kalusugan ng publiko.***



# Impormasyon tungkol sa Inuming Tubig na Iniaatas ng Pederal na Pamahalaan

Ang mga pinagkukunan ng inuming tubig (tubig sa gripo at nakaboteng tubig) ay kinabibilangan ng mga ilog, lawa, batis, sapa, reserboryo, bukal, at balon. Habang dumadaloy ang tubig sa ibabaw o sa ilalim ng lupa, dini-dissolve nito ang mga natural na mineral, at, sa ilang kaso, ang radioactive na materyal, at maaari rin itong makakuha ng mga substance mula sa mga hayop o mula sa aktibidad ng tao.



## Ang mga contaminant na posibleng makita sa pinagkukunang tubig ay kinabibilangan ng:

- Mga microbial na contaminant, gaya ng mga virus at bacteria, na maaaring magmula sa mga planta ng sewage treatment, septic system, agricultural livestock operations, at wildlife.
- Mga hindi organic na contaminant, gaya ng mga asin at metal, na maaaring natural na mayroon o maaaring magresulta mula sa pagdaloy ng mga tubig mula sa lungsod na dulot ng bagyo, mga pang-industriya o domestikong discharge ng maduming tubig, produksyon ng langis at gas, pagmimina, o pagsasaka.
- Mga pamatay-peste at pamatay-damo, na maaaring magmula sa iba't ibang source gaya ng agrikultura, pagdaloy ng tubig mula sa lungsod na dulot ng bagyo, at mga residensyal na paggamit.
- Mga organic na kemikal na contaminant, kabilang ang mga synthetic at volatile na organic na kemikal, na mga by-product ng mga industriyal na proseso at produksyon ng petroleum, at maaari ring manggaling sa mga gas station, pagdaloy ng tubig mula sa lungsod dulot ng bagyo, mga pang-agrikulturang gawain, at mga septic system.
- Mga radioactive na contaminant, na maaaring natural na mayroon o di kaya'y resulta ng produksyon ng langis at gas at mga aktibidad sa pagmimina.

## Na-treat na Tubig

**Talahanayan 1 – PAG-DETECT NG MGA CONTAMINANT GAMIT ANG PANGUNAHING PAMANTAYAN SA INUMING TUBIG**

| Substance (reporting units) | MCL | PHG | Inuming Tubig | | Mga Pinagmumulan ng Contaminant |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | Range | Average | |
| Aluminum (ppm) | 1 | 0.6 | < 0.02 – 0.09 | 0.06 | Erosyon ng mga natural na deposito; residue mula sa ilang proseso ng pag-treat sa surface water. |
| Fluoride (ppm)* | 2 | 1 | 0.62 – 0.83 | 0.72 | Erosyon ng mga natural na deposito; additive sa tubig na nagpo-promote ng matitibay na ngipin. |
| Arsenic (ppb) | 10 | 0.004 | <0.001 – 2.1 | 0.70 | Erosyon ng mga natural na deposito; mga tubig na dumaloy mula sa mga orchard; salamin at mga electronic |
| Nitrate (gaya ng Nitrogen) (ppm) | 10 | 10 | <0.05 – 0.65 | 0.18 | Mga dumaloy at nag-leach mula sa paggamit ng pataba, mga septic tank, at sewage; erosyon ng mga natural na deposito |

*Tini-treat ng Lungsod ng Fairfield ang inyong tubig sa pamamagitan ng pagdaragdag ng fluoride sa natural na level nito para maiwasan ang mga dental caries sa mga consumer. Iniaatas ng mga regulasyon ng Estado na panatilihin ang mga level ng fluoride sa na-treat na tubig sa range na 0.6 at 1.2 ppm.

| Talahanayan 2 – PAG-DETECT NG MGA CONTAMINANT GAMIT ANG ISANG SEKUNDARYANG PAMANTAYAN SA INUMING TUBIG | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Substance (reporting units) | MCL | PHG (MCLG) | Inuming Tubig | | Mga Pinagmumulan ng Contaminant |
| | | | Range | Average | |
| Aluminum (ppb) | 200 | NA | 30 – 120 | 69 | Erosyon ng mga natural na deposito; residual mula sa ilang proseso ng pag-treat sa surface water. |
| Chloride (ppm) | 500 | NA | 9.5 – 20 | 13 | Mga dumaloy/nag-leach mula sa mga natural na deposito; impluwensya ng tubig-dagat. |
| Amoy – Threshold | 3 | NA | N/A | 1.4 | Mga natural na organikong materyal. |
| Specific Conductance (µS/cm) | 1600 | NA | 240 – 521 | 387 | Mga substance na bumubuo ng mga ion kapag nasa tubig; impluwensya ng tubig-dagat. |
| Sulfate (ppm) | 500 | NA | 25 –86 | 43 | Mga dumaloy/nag-leach mula sa mga natural na deposito; mga industrial waste. |
| Kabuuan ng Mga Na-dissolve na Solid (ppm) | 1000 | NA | 209 – 315 | 220 | Mga dumaloy/nag-leach mula sa mga natural na deposito. |
| Turbidity (Units) | 5 | NA | 0.03 – 0.89 | 0.05 | Pagtibag ng lupa. |

| Talahanayan 3 – MGA RESULTA NG SAMPLING PARA SA SODIUM AT HARDNESS | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Substance (reporting units) | MCL | PHG (MCLG) | Inuming Tubig | | Mga Pinagmumulan ng Contaminant |
| | | | Range | Average | |
| Hardness (ppm) | NA | NA | 72 – 229 | 162 | Ito ang sum ng mga cation na mayroon sa tubig, na karaniwang magnesium at calcium. Kadalasang natural ang mga ito. |
| Sodium (ppm) | NA | NA | 12 – 38 | 20 | Kadalasang natural at tumutukoy sa asin na nasa tubig. |

| Talahanayan 4 – Mga Contaminant ng Estado na may Mga Level ng Notification – PFAS/PFOS | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Substance (reporting units) | NL | PHG (MCLG) | Inuming Tubig | Mga Epekto sa Kalusugan |
| | | | Resulta | |
| Perfluorooctanoic Acid (ng/L) | 5.1 | NA | < 2.0 | Ang mga pagka-expose sa perfluorooctanoic acid ay nagresulta sa pagbigat ng timbang ng atay at kanser sa mga hayop sa laboratoryo. |
| Perfluorooctanesulfonic Acid (ng/L) | 5.1 | NA | < 2.0 | Ang mga pagka-expose sa perfluorooctanesulfonic acid ay nagresulta sa immune suppression at kanser sa mga hayop sa laboratoryo. |

## Pinagkukunang Tubig

Ang pinagkukunang tubig ng Fairfield ay nagmumula sa Lake Berryessa at sa Sacramento Delta. Tina-transport ang tubig para ma-treat sa pamamagitan ng Putah South Canal at ng North Bay Aqueduct. Ang pag-treat sa pinagkukunang tubig ay nahahati sa pagitan ng dalawang kumbensyonal na planta sa pag-treat ng tubig, ang Waterman Treatment Plant at ang North Bay Regional Water Treatment Plant (ang NBR ay parehong pagmamay-ari ng mga Lungsod ng Fairfield at Vacaville).

## Mga Pagtatasa sa Pinagkukunang Tubig



Ang Mga Pagtatasa sa Pinagkukunang Tubig ay mga pag-aaral o ulat na bumubuo ng impormasyon tungkol sa mga potensyal na pinagmumulan ng contaminant. Ang Mga Pagtatasa sa Pinagkukunang Tubig at Mga Survey sa Kalinisan ng Watershed ay isinasagawa para sa layunin ng pagsisiyasat sa mga potensyal na aktibidad sa kontaminasyon na maaaring makaapekto sa bulnerabilidad/suseptibilidad ng kontaminasyon sa (mga) pinagkukunang tubig.

**Lake Berryessa:** Sa isang Pagtatasa sa Pinagkukunang Tubig, na isinagawa noong 2017, ipinapakita na ang pinakamalalaking potensyal na pinagmumulan ng kontaminasyon ay ang mga ilegal na aktibidad, hindi awtorisadong pagtatapon ng basura, paggamit ng pamatay-damo, at agrikultural na drainage. Ang pinakakamakailang survey sa sanitasyon ay nakumpleto noong 2018.

**Sacramento-San Joaquin Delta:** Sa isang Pagtatasa sa Pinagkukunang Tubig, na isinagawa noong 2016, ipinapakita na ang pinakamalalaking potensyal na pinagmumulan ng kontaminasyon ay ang recreational na paggamit, mga pagdaloy mula sa lungsod at dulot ng agrikultura, mga hayop na kumakain ng damo, at paggamit ng pamatay-damo. Ang pinakakamakailang survey sa sanitasyon ay nakumpleto noong 2021.

Makukuha ang kopya ng mga nakumpletong pagtatasa at mga kaugnay na buod sa bulnerabilidad sa pamamagitan ng State Water Resources Control Board – Division of Drinking Water, San Francisco District Office, 850 Marina Bay Parkway, Building P 2nd floor, Richmond, CA 94804- 510.620.3474.

## Sistema ng Distribusyon

| Talahanayan 5 – MGA PRECURSOR NG MGA BYPRODUCT NG PAG-DISINFECT, MGA BYPRODUCT NG PAG-DISINFECT AT MGA RESIDUAL NG DISINFECTANT | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Substance** | **Ratio ng Pagsunod** | | **Range** | **Average** | **Mga Pinagmumulan ng Contaminant** |
| Mga Precursor ng DBP | Higit sa o katumbas ng 1.0 | | 1.4 – 2.8 | 2.3 | Iba't ibang natural at gawa ng tao na resource |
| **Substance (reporting units)** | **MCL** | **PHG (MCLG)** | **Range** | **Pinakamataas na Kasalukuyang Taunang Average** | **Mga Pinagmumulan ng Contaminant** |
| Trihalomethanes (ppb) | 80 | NA | 20.0 – 75.0 | 52 | By-product ng pag-disinfect ng inuming tubig |
| Haloacetic Acids (ppb) | 60 | NA | 4.5 – 32.0 | 17 | By-product ng pag-disinfect ng inuming tubig |
| **Substance (reporting units)** | **MRDL** | **MRDLG** | **Range** | **Kasalukuyang Taunang Average** | **Mga Pinagmumulan ng Contaminant** |
| Chlorine (ppm) | 4 | 4 | < 0.10 – 1.57 | 0.63 | Disinfectant sa inuming tubig na idinagdag para sa pag-treat |

| Talahanayan 6 – TURBIDITY BILANG SUKATAN NG PERFORMANCE NG FILTER | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Substance (reporting units)** | **MCL** | **PHG (MCLG)** | **Entry Point sa Sistema ng Distribusyon** | | **Mga Pinagmumulan ng Contaminant** |
| | | | **NBR** | **Waterman** | |
| Turbidity (NTU)<br>*Sukatan ng pagiging malabo ng tubig.* | TT = 1.0 | NA | Maximum = 0.16 | Maximum = 0.11 | Pagtibag ng lupa |
| | Porsyento ng mga sample ≤ 0.3 | | 100 | 100 | |

*Mino-monitor natin ang turbidity dahil maganda itong indikasyon ng pagiging epektibo ng ating sistema sa pag-filter.*

| Talahanayan 7 – PAG-DETECT NG LEAD AT COPPER SA MGA GRIPO NG CUSTOMER | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **Substance (reporting units)** | **AL** | **PHG** | **Blg. ng Mga Sample (Nakolekta noong 2020)** | **90th Percentile Na-detect** | **Blg. Mga Site lampas sa AL** | **Mga Pinagmumulan ng Contaminant** |
| Lead (ppb) | 15 | 50 | 50 | < 5.0 | 0 | Korosyon ng mga tubo; erosyon ng mga natural na deposito |
| Copper (ppm) | 1.3 | 50 | 50 | 0.121 | 0 | Korosyon ng mga tubo; erosyon ng mga natural na deposito |

| Talahanayan 8 – PAG-DETECT NG E. Coli – NIREBISANG KABUUANG PANUNTUNAN SA COLIFORM | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Substance** | **MCLG** | **MCLG** | **Sistema ng Distribusyon** | **Mga Pinagmumulan ng Contaminant** |
| E. coli | 0 | 0 | 0 | Dumi ng tao at hayop |

### MGA PAGDADAGLAT AT PAGPAPAKAHULUGAN

**AL –** Action Level (Level ng Aksyon): Ang mga konsentrasyon ng isang contaminant na, kapag nalampasan, ay nagti-trigger ng treatment o iba pang kinakailangan na dapat sundin ng water system.
**MCL –** Maximum Contaminant Level (Maximum na Level ng Contaminant): Ang pinakamataas na level ng isang contaminant na pinapayagan sa inuming tubig. Ang mga pangunahing MCL ay itinatakda nang malapit sa mga PHG o (mga MCLG) hanggang sa sukdulang kaya sa aspeto ng ekonomiya at teknolohiya. Ang mga sekundaryang MCL ay itinatakda para maprotektahan ang amoy, lasa, at hitsura ng inuming tubig.
**MCLG –** Maximum Contaminant Level Goal (Layunin sa Maximum na Level ng Contaminant): Ang level ng isang contaminant sa inuming tubig na kung saan ang anumang mas mababa rito ay walang alam o inaasahang panganib sa kalusugan. Itinakda ng Ahensya sa Pagprotekta ng Kapaligiran ng U.S..
**MRDL –** Maximum Residual Disinfectant Level (Maximum na Level ng Residual na Disinfectant): Ang pinakamataas na level ng isang disinfectant na pinapayagan sa inuming tubig. May makatuwirang ebidensyang nagpapakita na kailangan ang pagdaragdag ng disinfectant para sa pagkontrol ng mga microbial na contaminant.
**MRDLG –** Maximum Residual Disinfectant Level Goal (Layunin sa Maximum na Level ng Residual na Disinfectant): Ang level ng disinfectant sa inuming tubig na kung saan ang anumang mas mababa rito ay walang alam o inaasahang panganib sa kalusugan. Hindi sinasalamin ng mga MRDLG ang mga benepisyo ng paggamit ng mga disinfectant para makontrol ang mga microbial na contaminant.
**NA –** Not Applicable (Hindi Nalalapat) ND – Not Detected (Hindi Na-detect).
**NL –** Notification Level (Level ng Notification).
**PHG –** Public Health Goal (Layunin sa Kalusugan ng Publiko): Ang level ng isang contaminant sa inuming tubig na kung saan ang anumang mas mababa rito ay walang alam o inaasahang panganib sa kalusugan. Ang mga PHG ay itinatakda ng Ahensya sa Pagprotekta ng Kapaligiran ng California.
**Ppb –** Parts per billion (Bahagi kada bilyon): o micrograms per liter (µg/L).
**Ppm –** Parts per million (Bahagi kada milyon): o milligrams per liter (mg/L).
**TT –** Treatment Technique (Paraan ng Pag-treat): Isang kinakailangang proseso na naglalayong mabawasan ang isang contaminant sa inuming tubig.
**µS/cm –** microsiemens per centimeter.
**PDWS –** Primary Drinking Water Standards (Mga Pangunahing Pamantayan sa Inuming Tubig): Mga MCL, MRDL, at paraan ng pag-treat (treatment techniques o TT) para sa mga contaminant na nakakaapekto sa kalusugan, kasama ng mga kinakailangan ng mga ito sa pag-monitor at pag-uulat.

# Mga Paparating na Utos sa Pagsusuri

## Mga Microplastic

Ang mga pag-aaral sa mga rodent na na-expose sa ilang uri ng mga microplastic sa pamamagitan ng pag-inom ng tubig ay nagsasaad ng mga potensyal na hindi magandang epekto, kabilang na sa reproductive system. Gayunpaman, kailangan pa ng higit na pananaliksik para maunawaan ang mga potensyal na implikasyon nito sa kalusugan ng tao at kung sa aling mga konsentrasyon ito nakakapagdulot ng hindi magandang epekto. Samakatuwid, nagmo-monitor ang California ng mga microplastic sa inuming tubig para maunawaan ang pagkakaroon nito at sumusuporta ito ng kasalukuyang pananaliksik. Napili ang Lungsod ng Fairfield para mag-monitor para sa mga microplastic sa panahon ng Phase 1 ng isang pang-buong estadong plano (tinatantyang mula sa Taglamig ng 2023 – Taglamig ng 2025).

## Mga Per at Polyfluoroalkyl na Substance (PFAS)

Ang PFAS ay isang grupo ng mga minanupakturang kemikal na ginagamit sa industriya at mga produkto ng consumer mula pa noong 1940. Posibleng may PFAS sa inuming tubig. Iminumungkahi ng kasalukuyang siyentipikong pananaliksik na ang pagkaka-expose sa ilang partikular na PFAS ay posibleng humantong sa hindi magagandang epekto sa kalusugan. Sa ilalim ng Fifth Unregulated Contaminant Monitoring Rule (UCMR5), magmo-monitor ang Lungsod ng Fairfield sa loob ng isang taon, ng dalawampu't siyam na Per at Polyfluoroalkyl na Substance.

# Mga Alalahanin sa Kalidad ng Tubig

**Lead —** Kung mayroon nito, ang matataas na level ng lead ay maaaring magdulot ng malulubhang problema sa kalusugan, lalo na para sa mga buntis na kababaihan at maliliit na bata. Ang lead sa inuming tubig ay pangunahing nagmumula sa mga materyal at component na nauugnay sa mga linya ng serbisyo at tubo sa bahay. Responsable ang Lungsod ng Fairfield sa pagbibigay ng de-kalidad na inuming tubig, pero hindi nito makokontrol ang pagkakaiba-iba ng mga materyal na ginagamit sa mga component ng tubo. Kapag ilang oras nang hindi nabubuksan ang inyong tubig, magagawa ninyong mapaliit ang potensyal para sa pagkaka-expose sa lead sa pamamagitan ng pag-flush sa inyong gripo sa loob ng 30 segundo hanggang dalawang minuto bago gamitin ang tubig para sa inumin o pagluluto. Kung nag-aalala kayo sa pagkakaroon ng lead sa inyong tubig, maaari ninyong ipa-test ang inyong tubig. Available ang impormasyon tungkol sa lead sa inuming tubig, mga paraan ng pag-test, at mga hakbang na magagawa ninyo para ma-minimize ang pagkaka-expose sa hotline para sa Ligtas na Inuming Tubig o sa **https://www.epa.gov/lead.**

Kada tatlong taon, nangongolekta ng mga sample ang Lungsod ng Fairfield sa mga gripo ng consumer para matukoy ang mga level ng lead sa inuming tubig na posibleng nagresulta mula sa korosyon ng mga may lead na component sa sistema ng distribusyon ng water system o sa paglalagay ng tubo ng sambahayan. Natugunan ang pagsunod sa pinakabagong round ng pagsusuri. Magsisimula ang susunod na round ng pagsusuri sa 2023.

**Seguridad —** Nagsagawa ang Lungsod ng Fairfield ng komprehensibong pagtatasa sa bulnerabilidad para sa mga resource ng water system. Kung may makikita kayong mga bagay na nakakapagdulot ng alalahanin o may mapapansin kayong anumang kahina-hinala, mangyaring makipag-ugnayan sa Lungsod ng Fairfield sa **(707) 434-6100**.

**Mga Sensitibong Populasyon —** Posibleng mas maging bulnerable ang ilang tao sa mga contaminant sa inuming tubig kumpara sa pangkalahatang populasyon. Ang mga immuno-compromised na indibidwal gaya ng mga indibidwal na may kanser na sumasailalim sa chemotherapy, mga indibidwal na sumailalim na sa mga organ transplant, mga indibidwal na may HIV/AIDS o iba pang disorder sa immune system, ilang matatanda, at mga sanggol ay maaaring partikular na manganib sa mga impeksyon. Dapat humingi ng payo ang mga indibidwal na ito tungkol sa inuming tubig mula sa kanilang mga provider ng pangangalagang pangkalusugan. Available ang mga alituntunin ng U.S. EPA/Centers for Disease Control (CDC) sa mga naaangkop na paraan para mabawasan ang panganib ng impeksyon na dulot ng Cryptosporidium at iba pang microbial na contaminant mula sa hotline para sa Ligtas na Inuming Tubig **(800) 426-4791**.



***Este informe contiene información muy importante sobre su agua para beber. Favor de comunicarse the City of Fairfield a (707) 437-5397 para asistirlo en español.***

***Ang pag-uulat na ito ay naglalaman ng mahalagang impormasyon tungkol sa inyong inuming tubig. Mangyaring makipag-ugnayan sa Lungsod ng Fairfield o tumawag sa (707) 428-7496 para matulungan sa wikang Tagalog.***

### Para sa Higit Pang Impormasyon:

| | |
|---|---|
| Mga tanong tungkol sa ulat na ito, Jenell Pratt: | (707) 437-5386 |
| Singil sa Tubig: | (707) 428-7346 |
| Mga Pag-aayos ng Tubig: | (707) 428-7415 |
| Mga Alalahanin sa Kalidad ng Tubig: | (707) 437-5390 |
| Mga Pag-aayos ng Tubig Kapag Hindi Oras ng Trabaho: | (707) 428-7300 |
| Impormasyon sa Pagkonserba ng Tubig: | (707) 428-7630 |
| Hotline ng EPA para sa Ligtas na Inuming Tubig: | (800) 426-4791 |

*Lungsod ng Fairfield, Public Works Department, 1000 Webster Street, Fairfield, CA*

**Hinihikayat ang input ng publiko sa mga isyung may kinalaman sa inuming tubig. Inaanyayahan kayong dumalo sa isang pagpupulong ng Konseho ng Lungsod at ilahad ang inyong mga hinaing. Idinadaos ang mga pagpupulong tuwing ika-1 at ika-3 Martes ng bawat buwan nang 6 p.m. sa Fairfield City Council Chamber sa 1000 Webster Street.**